

# PAANO MAKATATANGGAP NG BENEFISYO MULA SA BRO-LUSOG ?



**1** Makipag-ugnayan sa Barangay Health Worker o Nutrition Scholar/Worker sa pinakamalapit na Barangay Health Station para maipa-timbang ang anak na may edad mula 0 hanggang 5 at sagutin ang ilang mga katanungan tungkol sa bata, nutrisyon ng pamilya, at iba pang may kinalaman sa kalusugan at nutrisyon;

**2** Makinig sa paliwanag ng Health o Nutrition Workers tungkol sa kakulangan sa timbang, o kaya ay sobrang katabaan at mga kondisyon na inuugnay sa kakulangan sa tamang nutrisyon at kung paano agapan ito sa pakikipagtulungan ng magulang sa Provincial Government. Ipaliwanag din nila ang magiging papel at komitment ng magulang at pamilya para mapakinabangan ng mabuti ang benepisyo mula sa BRO-LUSOG;

**3** Ipa-rehistro ang pangalan ng magulang at batang nangangailangan ng benepisyon Bro-Lusog sa Health o Nutrition Worker. Ang mga batang may kasalukuyang malubhang karamdaman at nangangailangan ng agarang gamutan o serbisyo ng hospital ay ire-refer muna sa hospital;

**4** Abangan sa barangay hall ang ipapaskel na impormasyon tungkol sa gaganaping Farmers' Congress Feeding at Day Care Center Feeding para maisali ang inirehistrong anak/mga anak sa actual feeding kung saan tama at masustansiyang pagkain ang ihahain sa mga bata;

**5** Sa araw ng Farmers' Congress o Day Care Center Feeding ay dalhin ang inirehistrong anak at lumapit sa mga Social Worker para magpakilala at mahanap ang pangalan sa listahan ng mga makakasama sa Feeding. Kukunin muli ng mga Health o Nutrition Worker ang timbang ng mga batang isasama sa feeding;

**6** Alamin mula sa Barangay Health & Nutrition Worker ang proseso para matanggap ang P500 kada buwan sa loob ng 6 na buwan na Nutrition Subsidy, at ang mga vegetable seedlings na kailangang itanim, alagaan, at payabungin ng pamilya para sa regular na panggagalingan ng masustansiyang gulay para sa tamang nutrisyon ng buong pamilya. Sundin ang mga patakaran at hakbang para dito;

**7** Sa loob ng panahong nakikinabang ang anak at pamilya sa BRO-Lusog, ang mga magulang ay obligadong magpakita sa Health at Nutrition Worker para sa regular na pagtitimbang at pag-monitor sa kundisyon ng mga bata.

## PAALALA:

**IYON LAMANG MGA SMALL FARMER FAMILIES NA MAY BATANG KULANG SA TIMBANG AT NASURING KULANG SA WASTONG NUTRISYON ANG MAAARING MAKASALI SA BRO-LUSOG**

**Kaya't bumisita na sa pinakamalapit na Barangay Health Station!**


**KAPAG MALUSOG SI BABY, HAPPY ANG FAMILY!**



# BRO LUSOG sa BARANGAY

Laban sa Undernutrition, Sa Obesity at Gutom sa Barangay





DAHIL SAGOT NA NG PROVINCIAL GOVERNMENT ANG NUTRISYON NG MGA BABY SA BAWAT PAMILYANG MAGSASAKA SA PAMAMAGITAN NG

## BRO-LUSOG

Laban sa Undernutrition, Sa Obesity at Gutom sa Barangay

## ANO ANG BRO-LUSOG?

Ang BRO-LUSOG ang ika-13 na component ng BRO-Small Farmer Assistance Program ng Provincial Government of Isabela. Ang mga ibang bahagi ng BRO Program ay tumutugon sa pagsiguro sa pananim, loan assistance, subsidiya sa presyo at pag-aangkat ng mga bigas at mais, college scholarship, health and hospitalization benefits, accident insurance coverage, SSS, Pag-ibig, panimula ng kabuhayan, at tulong pangkabuhayan at dagdag-kita para sa mga kooperatiba at indibidwal na magsasaka ng isang ektarya pababa – mga pangunahing suliranin ng mga magsasaka na sinagot na ng Provincial Government.



a publication of The Provincial Government of Isabela  
www.provinceofisabela.ph

Ngayon, ang sasagutin naman ng Provincial Government ay ang problema sa nutrisyon ng mga batang anak ng Small Farmers, tulad ng:

- 🍌 KAKULANGAN NG TAMANG TIMBANG o pagiging underweight
- 🍌 SOBRANG KATABAAN o obesity
- 🍌 KAKULANGAN SA MGA IMPORTANTENG BITAMINA AT MINERAL o nutritional deficiency
- 🍌 KAKULANGAN SA PAGKAIN o hunger na nagbubunga ng malnutrisyon

## KAPAG KAPOK SA TAMANG NUTRISYON, DELIKADO SI BABY

- 🍌 magiging sakitin hanggang paglaki
- 🍌 mahina ang memorya at pag-intindi sa mga leksyon sa eskwela
- 🍌 mahina ang pangangatawan at hindi masigla
- 🍌 mawawalan ng kumpiyansa sa sarili dahil sakitin at mahina
- 🍌 hindi matutupad ang mga pangarap ng magulang para sa kanya

## ANONG EDAD NG KABATAAN ANG SAKOP NG BRO-LUSOG?

Ang mga batang may edad mula 6 na buwan - 5 taon na miyembro ng Small Farmer Family ang mabibilang sa listahan ng mga kabataang nangangailangan ng serbisyo mula sa BRO-LUSOG.



## ANO ANG MGA BENEFISYO MULA SA BRO-LUSOG?

1. Buwanang Budget pang-nutrisyon (Nutrition Subsidy) na P500 kada magsasakang pamilya sa loob ng 6 na buwan. Matatanggap ito ng pamilya kung tutuparin ang mga susunod na patakaran ng BRO-Lusog:
  - Sumunod sa mga bilin ng Health at Nutrition Worker, tulad ng pagtupad sa skedyul ng regular na pagpapatimbang kay baby sa Health Station
  - Tuparin ang komitment na maglaan ng sariling budget pandagdag sa BRO-LUSOG Nutrition Subsidy para mahusay na maisagawa ang pagpapalusog kay baby
  - Magtanim ng mga vegetable seedlings na ipamimigay ng Provincial Agriculture Office para may regular na pagkuhanan ng mga masustansiyang gulay para sa tamang nutrisyon ng buong pamilya
2. Farmers' Congress sa barangay na may mataas na antas ng malnutrition;
3. Nutritional Feeding sa mga Day Care Center sa barangay na may maraming nakatalang batang kulang sa tamang nutrisyon;
4. Libreng punla o seedlings ng masustansiyang mga gulay sa mga pamilyang magsasaka upang maipagpatuloy nila ang kanilang nasimulang kultura ng nutrisyon sa pamilya.

